REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSANG BAYAN BILANG 88-05

KAUTUSANG BAYAN UKOL SA PANININGIL NG KARAMPATANG BUWIS PARA SA IBA'T-IBANG PATALASTAS PANGHANAPBUHAY O PANG-NEGOSYO (SIGNS AND ADVERTISEMENTS).

---

ITINALAGA NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA NA:

TALATA I - Ayon sa Seksiyon 149 Koda ng Pambansang Lokal ukol sa tungkulin at kapangyarihan ng Sangguniang Bayan ay nakasaad ang mga sumusunod:

A. Sumingil ng buwis para sa pangkalahatan at partikular na layunin at itakda ang karampatang halaga ayon sa probisyon ng kodang ito at ng ibang batas.

B. Isaayos at itakda ang halaga ng lisensiya para sa iba't-ibang patalastas pangnegosyo na nakapaskil sa mga lugar pampubliko. Maliban sa mga patalastas pangnegosyo na nakapaskil mismo sa lugar o mga lugar na pinagdarausan ng negosyo o hanapbuhay maging sa kabuuan o parte lamang ay ginagawa.

TALATA II - Ayon sa "Revenue Code ng Metro Manila" sa ilalim ng "Miscellaneous Taxes" at nakasaad sa "Presidential Decree" No.231, Business Fixed Tax". Ang sinumang tao na nagnanais maglagay ng iba't-ibang patalastas panghanapbuhay na nakapaskil sa mga lugar pampubliko at hindi sa lugar ng pinaghahanapbuhay ay dapat humingi ng permiso sa tanggapan ng Alkalde at magbayad ng karampatang buwis.

TALATA III - Ayon sa "MMC Ordinance No. 82-03, Article 4, Tax on Signs, Billboards/advertisements, signboards at Sec. 40." Pagpapataw ng buwis ay itinalaga ang mga karampatang buwis ukol sa "signs, signboards, billboards or advertisements, sa mga halagang sumusunod:

(a) Mga patalastas (billboards or signboards) para sa negosyo or propesyon kada metro kudrado o kabahagi.

| | Buwis kada Taon |
|---|---|
| Isang mukha (single faced) | ₱20.00 |
| Baligtaran o dalawang mukha (double faced) | 20.00 |

(b) Mga patalastas (billboard or signs) para sa mga propesyonal kada metro kudrado o kabahagi - - - - 8.00

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina 4
Kautusang Bayan Bilang 88-05

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG.EPIFANIO A.ESPELETA
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

* Ang nagmungkahi

RRC:vts

SANGGUNIANG BAYAN



| | Buwis kada Taon |
|---|---|
| (k) Mga patalastas(billboard, signs or advertisements) para sa negosyo o propesyon, na nakaguhit o nakapintura sa gusali o istraktura o kundiman ay nakahiwalay o di nakadikit sa nabanggit, kada metro kudrado o kabahagi | ₱ 9.00 |
| (d) Mga patalastas (advertisements) sa pamamagitan ng maliliit na karatula (placards), kada metro kudrado | 9.00 |
| (e) Mga patalastas (advertisements)pang negosyo o propesyon sa pamamagitan ng pagpapalabas "slides" sa mga sinehan ang magbabayad ay ang nagmamay-ari ng sinehan | 100.00 |
| (g) Mga patalastas (advertisements) pang negosyo o propesyon sa pamamagitan ng pelikula "film exhibition" ay babayaran ng nagpapatakbo ng sinehan | 800.00 |
| Karagdagan sa buwis na nakasaad sa letrang (A) at (B) sa Seksiyong ito, na gumagamit ng kuryente o "Neon lights" sa patalastas (billboards),kada metro kudrado o kabahagi | 10.00 |

| | Buwis kada ikaapat na bahagi ng taon |
|---|---|
| (h) Maraming paskil ng patalastas (signs) | |
| Mula 100 hanggang 250 paskil | ₱ 300.00 |
| Mula 251 hanggang 500 paskil | 450.00 |
| Mula 501 hanggang 750 paskil | 550.00 |
| Mula 751 hanggang 1,000 paskil | 700.00 |
| Mahigit sa 1,000 paskil | 1500.00 |
| (i) Mga patalastas(advertisements) sa pamamagitan ng sasakyan, lobo, saranggola, atbp. | |
| Kada araw o kabahagi | 40.00 |
| Kada linggo o kabahagi | 60.00 |
| Kada buwan o kabahagi | 80.00 |
| (e) Mga patalastas (advertisements) sa pamamagitan ng promosyon o "Promo" na nagbabahay-bahay, kada araw, kada tao | 5.00 |

TALATA IV - Ayon sa Seksiyon 42. Pamamaraan ng pagbabayad (time of Payment) ang karampatang buwis na nakasaad sa artikulong ito ay babayaran sa tanggapan ng tesurero bago ang takdang araw ng pagpapaskil o pagkakalat ng patalastas o karatula o kaya'y ang itinakdang panahon ayon sa regulasyon.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN



TALATA V - Ayon sa Seksiyon 41. Hindi sisingilin ng buwis (exemption from tax ) - sa patalastas o karatula na nakapaskil mismo sa lugar o puwesto ng negosyo o na sa kabuuan o bahagi ay ginagawa ay hindi sisingilin ng karampatang buwis na ipinag-uutos ng artikulong ito.

TALATA VI -Ayon sa Seksiyon 43. Mga kailangan (requirements) para sa paglalagay ng patalastas:

Ang sinumang tao na nagnanais na maglagay ng patalastas o karatula (signs and advertisements) ay maghaharap ng isang sulat-kahilingan kalakip nito ang plano o diskrisiyon ng nasabing patalastas o karatula sa tanggapan ng Punong Bayan. Ang sulat-kahilingan na ito ang magbibigay daan sa pagbibigay ng permiso, at pagkatapos nito ang buwis ay babayaran sa tanggapan ng tesurero bago itakda ang patalastas o karatula sa nasabing lugar o mga lugar o kaya'y sa panahon na inaatas ng regulasyon.

TALATA VII -Lahat ng kautusang bayan na nauna sa balangkas kautusang bayan na ito ay pinawawalang bisa ng kautusang ito.

TALATA VIII-Ang kautusang ito ay magkakabisa agad pagkatapos mapagtibay at maitala ng sampung araw (10 days) ang sipi sa "bulletin Board" na nakalagay sa isang lugar sa bulwagang pampamahalaan na nababasa ng kaukulang departamento at ng mamamayan.

ISINABATAS NG SANGGUNIANG BAYAN ng Kalakhang Maynila sa kanilang panglabing-isang pangkaraniwang pulong ngayong ika-25 ng Abril 1988.

KGG. IGNACIO R. BUNYE
Pangulong Opisyal

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Pangulong Opisyal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal